

Personal na Pangangalaga ng LRI para sa Natatanging Pangangalaga

Itinatakda ng Nebraska na ang **Natatanging Pangangalaga** ay tumutukoy sa aktwal o direktang tulong sa mga Gawaing Pang-araw-araw (ADLs) at mga Instrumental na Gawaing Pang-araw-araw (IADLs) na humihigit sa karaniwang mga gawaing isinasagawa ng isang magulang o asawa sa loob ng tahanan para sa isang taong walang kapansanan o malubhang karamdaman ng parehong edad.

Ang Kagamitan para sa Natatanging Pangangalaga

Ang serbisyong Personal na Pangangalaga ng Legal na Responsable na Indibidwal (LRI) na ang isang kalahok ay nakakatugon sa kahulugan ng Natatanging Pangangalaga upang magamit ang serbisyo. Ang Personal na Pangangalaga ng Legal na Responsable na Indibidwal (LRI) ay ginagamit kapag walang ibang serbisyo o tagapagbigay ng serbisyo na makatutugon sa pangangailangan ng kalahok.

Ang **Kagamitan para sa Natatanging Pangangalaga (DD-26)** ay pinupunan ng Tagapag-ugnay ng Serbisyo (Service Coordinator o SC) kasama ang Koponang Nakasentro sa Tao (Person-Centered Plan o PCP Team) at binibigyan ng iskor batay sa kakayahan ng kalahok na maisagawa ang isang gawain nang mag-isa. Tinutukoy ng Kagamitang ito kung kailangan ng pisikal na tulong mula sa ibang tao upang makumpleto ang isang gawain.

Ang pamantayan para sa Natatanging Pangangalaga ay natutugunan kapag ang isang kalahok ay nakakuha ng iskor na “3” sa hindi bababa sa tatlong (3) bahagi ng pangangailangan sa Kagamitan para sa Natatanging Pangangalaga. Tanging ang mga pangangailangang may iskor na “2” o “3” lamang ang maaaring pahintulutan para sa mga serbisyong personal na pangangalaga. Ang Personal na Pangangalaga ng LRI ay hindi maaaring lumampas sa 40 oras kada linggo.

Ang Kagamitan para sa Natatanging Pangangalaga ay may kasamang mga gawain na nakabatay sa edad. Ang mga gawain at mga hangganan ng edad ay tinutukoy sa kagamitan at hindi maaaring iskoran o pahintulutan kung ang kalahok ay kabilang sa nakalistang saklaw ng edad. Kapag ang kalahok ay umabot na sa edad na hindi na sakop ng limitasyon ng saklaw ng edad, kinakailangang punan ng Tagapag-ugnay ng Serbisyo (SC) ang bagong kagamitan upang pahintulutan ang gawain para sa Personal na Pangangalaga ng LRI.

Serbisyo ng Personal na Pangangalaga ng LRI

Pinahihintulutan ng Personal na Pangangalaga ng LRI na magbigay ng personal na pangangalaga sa kalahok ng waiver. Ang Personal na Pangangalaga ng LRI ang nag-iisang serbisyong waiver na maaaring ibigay ng isang Ang LRI ay tinutukoy bilang ang natural o ampon na magulang ng isang menor de edad na anak o ang asawa ng kalahok sa waiver.

Ang LRI ay dapat empleyado ng isang ahensya upang maibigay ang serbisyong ito, maliban na lamang sa ilang limitadong pagkakataon. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo (SC) para sa karagdagang impormasyon.